Recology
American Canyon

# American Canyon Waste Zero Ways

2026 NEWSLETTER SA TAGSIBOL

LIBRE

## Kumuha ng compost habang may supply pa

Ang mga residente ng American Canyon na gustong alagaan ang kanilang mga halaman ay maaaring makakuha ng 2 libreng bag ng garden gold — compost na mayaman sa sustansiya na gawa mula sa mga tira ng pagkain na inilalagay ng mga customer ng Recology sa kanilang mga berdeng cart para sa koleksyon sa gilid ng kalsada.

Pumunta sa aming pasilidad sa 2021 Broadway sa Vallejo mula 8 AM hanggang 3:30 PM, Huwebes hanggang Sabado, upang kunin ang iyong mga bag habang may supply pa. Ang bawat bag ay naglalaman ng 1 cubic foot ng compost na handa nang gamitin.

Ang paglalagay ng coffee grounds, mga balat ng gulay at prutas, mga buto ng manok, mga pinagtabasan sa hardin, at papel na may tira ng pagkain sa berdeng cart ay sumusunod sa mandato ng California na SB 1383 sa pag-compost upang mailihis ang mga materyal mula sa tambakan ng basura at makatulong na mabawasan ang emisyon ng gas.

Kapag inilagay sa lupa, pinahuhusay ng compost ang pagpapanatili ng tubig at kalusugan ng mga mikrobyo, na nagreresulta sa hindi gaanong pagdepende sa mga sintetikong pataba, mas matitibay na gulay sa hardin, at mas masisiglang na taniman ng mga bulaklak.





MARKAHAN ANG IYONG KALENDARYO

## 2026 Mga Sabado ng Shredding

Mayroon ka bang malalaking tambak ng mga dokumentong papel na kailangan ng shredding?

**Dumaan sa American Canyon City Hall, 4381 Broadway St., para sa mga kaganapan sa pag-shred mula 9 AM hanggang 12 PM sa Agosto 8 at Nobyembre 7.**

Ang libreng serbisyong ito ay magagamit lamang ng mga residente ng American Canyon. Walang pang-industriyang shredding.



## MGA ALITUNTUNIN SA PAGKOLEKTA NG MALALAKING BASURA

Kwalipikado para sa Pagkolekta ng Malalaking Basura nang isang beses bawat taon nang walang bayad ang mga residente ng tirahan na pang-isang pamilya sa American Canyon. Maaaring mag-iskedyul ng karagdagang pagkolekta kapalit ng bayad.



Ang Pagkolekta ng Malaking Basura mula sa tirahan na pang-isang pamilya ay katumbas ng 2 cubic yards (3ft x 3ft x 6ft): humigit-kumulang 12, 32 galong mga bag ng basura at 1 item na may Freon.

Okay lang ang e-waste kung ito ay nasa isang kahong bukas ang itaas.

Dapat magsumite ng detalyadong listahan ng mga item at dapat itong makumpirma ng aming team sa Pagkolekta ng Malaking Basura. Kung iba ang mga item na inilabas mo, dapat mong tawagan ang opisina upang ipaalam sa amin kung ano ang maaari naming kunin. Kung may makita kaming mga karagdagang item, maaaring hindi namin maisagawa ang pagkolekta para sa iyo.

Mag-iskedyul ng Pagkolekta ng Malaking Basura sa pamamagitan ng pagtawag sa **707.552.3110** o pag-email sa **vallejocustomerservice@recology.com**. Pakitandaan na ang mga pagkolekta ay iniiskedyul lamang sa regular na araw ng pagseserbisyo sa iyo.

### HINDI TINATANGGAP

**Mapanganib na basura:** mga kemikal, pintura, baterya, matutulis na bagay, gamot



## MAGRESIKLO

**DAPAT AY WALANG LAMAN, MALINIS, AT TUYO ANG MGA NIRERESIKLO**

Walang tirang pagkain, likido, o mga plastik na bag.
Huwag ilagay sa bag ang mga nireresiklo.





MALINIS NA PAPEL AT KARTON



MATITIGAS NA PLASTIK



MGA BOTE AT GARAPONG SALAMIN



MGA METAL



## MAG-COMPOST

**WALANG SALAMIN, WALANG ANUMANG URI NG PLASTIK**



MGA TIRANG PAGKAIN



MGA PINAGTABASAN SA BAKURAN



MGA PRODUKTONG PAPEL NA MAY TIRA NG PAGKAIN NA WALANG COATING



## TAMBAKAN NG BASURA



ISAHANG-GAMIT NA PLASTIK



MGA SNACK BAG, PAMBALOT, AT MGA PRODUKTONG PAPEL NA MAY COATING



MGA PADDED MAILER, SOBRE, BUBBLE WRAP, AT STYROFOAM



### BAWASAN ANG PAGGAMIT NG PLASTIK

## MAGING WAIS, PUMILI NG MGA REUSABLE

Kapag pupunta sa beach, magha-hiking, o gagawa ng iba pang aktibidad, pumili ng mga reusable na produkto sa halip na mga disposable na produkto kung maaari.




Magdala ng reusable na tote kapag namimili sa farmers' market o pupunta sa grocery store.

Uminom ng tubig, iced tea, o iba pang inumin mula sa metal na bote sa halip na plastik na bote kapag on the go. Isa itong kagawiang nakatutulong sa kapaligiran at nagpapabawas sa pagkonsumo mo ng mga microplastic.

Ang pagkakaroon palagi ng mga ito ay mahalagang bahagi ng zero waste — walang kinakailangang packaging.

### MAGILIW NA PAALALA:

## ILABAS NANG TAMA ANG MGA CART




Pakilagay ang iyong mga cart sa gilid ng kalsada, na may layong 3 talampakan sa isa't isa at sa iba pang hadlang sa araw ng pagseserbisyo sa iyo.

Nagbibigay ito ng sapat na espasyo para makuha ng mga collection truck ang iyong lalagyan nang hindi nakakasira ng ibang ari-arian at upang maalisan ito ng laman nang maayos.

**MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN!**

*Se Habla Español*
*Nagsasalita kami ng Tagalog*

Recology Vallejo American Canyon
2021 Broadway Street
Vallejo, CA 94589

707.552.3110 *Lunes hanggang Biyernes, 8 AM – 5 PM*
recology.com/americancanyon
facebook.com/recologyvallejoamericancanyon